PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO USEC. ROCKY IGNACIO
JUNE 1, 2021 (11:03 A.M. 11:53 A.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga Pilipinas at sa buong mundo. Samahan ninyo kami ngayong unang araw ng Hunyo para muling pag-usapan ang mga maiinit na isyu sa bansa partikular sa COVID-19 pandemic at sa pagbabakuna laban dito. Ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Simula rin ngayong araw ang bagong quarantine classification sa ilang bahagi ng bansa.

Nasa Modified Enhanced Community Quarantine sa loob ng labinlimang araw ang:

- City of Santiago,
- Cagayan,
- Apayao,
- Benguet,
- Ifugao,
- Puerto Princesa City,
- Iloilo City,
- Zamboanga City,
- Zamboanga Sibugay,
- Zamboanga del Sur,
- Zamboanga del Norte,
- Cagayan de Oro City,
- Butuan City
- Agusan del Sur.

Mananatili naman sa GCQ with heighten restrictions ang NCR Plus mula June 1 hanggang June 15.

GCQ rin ang:

- Abra,
- Baguio City,
- Kalinga,
- Mt. Province,
- Isabela,
- Nueva Vizcaya,
- Quirino,
- Batangas,
- Quezon,

- Iligan City,
- Davao City,
- Lanao del Sur
- Cotabato City.

Samantala, Modified GCQ naman sa nalalabing lugar sa Pilipinas.

Sa ibang balita: Inaprubahan na ng Senado sa pangatlo at huling pagbasa ang 13 local hospital bills na naglalayong mapalakas ang kapasidad at mapahusay ang health services. Narito ang report:

[VTR]

USEC. IGNACIO: Samantala, mula po sa pagbabakuna hanggang sa pagpapatupad ng mga pansamantalang travel restrictions bilang proteksiyon laban sa COVID-19, bibigyan-linaw pa natin ang ilang katanungan na may kinalaman sa ating mga kababayang Overseas Filipino Workers dito sa Check the Facts.

Para magbigay ng updates sa ilang mga polisiyang kasalukuyang ipinatutupad ng pamahalaan, makakausap po natin si Undersecretary Brigido Dulay ng Department of Foreign Affairs. Magandang umaga po, Usec.

DFA USEC. DULAY: Good morning, Usec. Rocky. Good morning sa ating mga tagapakinig, tagapanood.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., pag-usapan muna natin itong temporary suspension ng deployment patungong Saudi Arabia. Iba po ba ito sa travel ban kung mayroon man pong para sa ating mga kababayan na hindi pa rin po nababakunahan na pupunta po sa Saudi Arabia?

DFA USEC. DULAY: Usec. Rocky, linawin ko lang 'no: Wala tayong travel ban papunta ng Saudi Arabia 'no. Lahat ng ating mga kababayan na magtatrabaho doon ay maaaring pumasok ng Saudi Arabia. So hindi ito pinipigilan ng Saudi government.

Ang sinasabi lang, Usec. Rocky, kapag ikaw ay hindi nabakunahan, ikaw ay sasailalim sa isang institutional quarantine. Ito naman, Usec. Rocky, ay maihahambing natin ito sa ginagawa rin natin doon sa mga dayuhan na pumapasok ng Pilipinas, nagkakaroon din tayo ng mandatory facility quarantine. So ito iyong katumbas noong ating mandatory facility quarantine sa Pilipinas; ang Saudi, ang tawag lang nila doon, "institutional quarantine" for seven days, pitong araw po.

USEC. IGNACIO: Opo. So, Usec., ano po iyong maaaring i-expect ng ating mga kababayan na nagbabalak na pumunta sa Saudi Arabia tungkol dito sa sinabi ninyo nga pong institutional quarantine?

DFA USEC. DULAY: Dito naman, Usec. Rocky, iyong mga kababayan natin na pupunta ng Saudi, kadalasan niyan ay mayroon naman iyang mga recruitment agency. Iyon ang dapat umayos doon sa kanilang papeles. Sila ay magda-download ng app, iyong Tawakkalna app, at iyon naman ang gagamitin para malaman kaagad ng Saudi government kung ano ang kanilang estado pagdumating sila doon sa Saudi Arabia.

So ano lang ito, it's a matter only of following the protocols ng Saudi government para sila ay makarating doon ng safely at sila ay malagay under institutional quarantine.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Usec., mayroon po bang mga exempted individuals na kasama dito sa institutional quarantine?

DFA USEC. DULAY: Ito iyong mga—una, iyong mga Saudi nationals ano, exempted iyan. Iyong ating mga kasambahay or household service workers na kasama ng mga Saudi nationals na uuwi ay exempted din iyan 'no. At iyong mga nabakunahan na mga non-citizens, mga residents ng AstraZeneca, Moderna, Pfizer at Johnson & Johnson ay lahat ng mga ito ay exempted din dito sa institutional quarantine.

Pero linawin natin, Usec. Rocky, kapag sinabing exempted from institutional quarantine, hindi sinasabi na sila ay hindi na mag-a-undergo ng quarantine. Sa totoo lang, mayroon pa ring quarantine naman itong mga ito pero magiging home quarantine; home quarantine na lang. So iyon lang ang paglilinaw, ang kaibahan lang dito, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Usec., ano na po ang kasalukuyan daw na ginagawa ng DFA patungkol sa ating mga OFWs sa larangan ng pambansang pagbabakuna?

DFA USEC. DULAY: Alam mo, tayo, unang-una, ang trabaho ng DFA, tayo ay nakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa para doon sa mga kailangan nating bakuna 'no. Marami tayong kinakausap na foreign governments para tulungan tayo na mag-angkat tayo ng bakunang kailangan natin 'no. At ito naman ay prayoridad ng ating Pangulo talaga, na gusto niya talagang ma-achieve na natin iyong ating vaccine protocols 'no.

Iyon namang sa mga OFWs natin, ang ginawa na namin dito, Usec. Rocky, baka hindi ninyo pa alam, doon sa IATF, inilagay na natin ang ating mga OFW under priority A1 lalo iyong mga aalis nating OFW 'no na may kontrata na whether sila ay land-based, ibig sabihin sa land lang ang trabaho nila; or sea-based, iyong mga seafarers natin.

So iyon ang ginawa natin para nga sila, pagpunta nila sa abroad ay mayroon na silang proteksiyon, may bakuna na sila. At sinabi nga ng ating Pangulo, at ikinatuwa ng ating mga OFW na pagdating sa ating mga seafarers nga, iyong kailangan nga ng mga vaccines ng kanilang receiving country ay ibibigay sa kanila. Kung ito ay kailangan na western vaccine, gagawin iyan ng ating gobyerno para sa kanila.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero ano po iyong maipapayo ninyo sa ating mga kababayan na magbabalak nang pumunta sa ibang bansa habang naghihintay pa rin po ng kanilang mga bakuna?

DFA USEC. DULAY: Well, unang-una siguro, Usec. Rocky, dahil sila ay A1 category na, talagang hinihikayat ko lahat ng ating mga OFW na, unang-una, magpalista na kayo sa inyong LGU; sumama na kayo sa programa ng pagbabakuna. At kung hindi naman kayo nabakunahan at kailangan ninyo nang umalis ay pag-aralan ninyo ano ba iyong mga requirements, iyong testing and quarantine protocols ng bansa na inyong pupuntahan p ara makapaghanda kayo, bago pa kayo dumating doon ready na kayong harapin kung anuman iyong kanilang kakailanganin for testing or quarantine.

USEC. IGNACIO: Okay. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon at sa inyong pagbibigay-impormasyon, Undersecretary Brigido Dulay ng Department of Foreign Affairs. Mabuhay po kayo!

DFA USEC. DULAY: Thank you, Usec. Rocky. Mabuhay po tayong lahat!

USEC. IGNACIO: Narito naman po ang pinakahuling tala ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa as of 4 P.M. kahapon:

- Umabot na sa 1,230,301 ang kabuuang bilang ng mga nagka-COVID sa bansa;
- 16,684 sa mga ito ang mga bagong nagpositibo sa sakit;
- 6,098 naman ang new recoveries kaya ito ay umabot na sa 1,155,045.

Sa kabilang banda, 107 ang nadagdag sa mga nasawi kung kaya ito ay umabot na sa 20,966 total deaths. Sa kasalukuyan 54,290 pa ang mga aktibong kaso ng COVID-19 sa bansa.

Sa report po ng DILG sa Pangulo kagabi, tumaas ang bilang ng mga sumusuway sa ipinaiiral na health protocols. Ang amin lang pong paalala, patuloy lang po tayong sumunod sa ipinatutupad na mga patakarang pangkalusugan ng pamahalaan upang mapigilan natin ang pagkalat ng sakit at hindi na tayo maperhuwisyo pa ng pandemya.

Binakunahan na rin po ang ilan sa mga Pilipinong atleta na sasabak sa 2020 Tokyo Olympics na gaganapin sa Hulyo at sa 31st South East Asian Games na gaganapin naman sa Nobyembre – iyan po ay sa pangunguna ng National Task Force Against COVID-19. Makibalita tayo sa lagay ng mga Pilipino atleta, makakausap po natin ang Pangulo ng Philippine Olympic Committee, Congressman Abraham 'Bambol' Tolentino. Magandang umaga po, Congressman.

REP. TOLENTINO: Magandang umaga po Usec. Rocky at sa inyong mga tagapakinig.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, handang-handa na po ba iyong ating mga pambatong atleta sa nalalapit na 2020 Tokyo Olympics?

REP. TOLENTINO: Of course! Kaya nagpapasalamat po kami sa national government dahil nabigyan ng priority iyong ating mga atleta and all delegates – even those going to Vietnam SEA Games this November.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, ano po iyong bakuna na itinurok sa karamihan sa ating mga atleta at pinapayagan po ba silang mamili ng vaccine brands?

REP. TOLENTINO: Wala naman pong ganoon. Actually sa Tokyo nga po hindi mandatory pero kailangan din po natin na habang nagti-training ay bakunado sila. Baka naman dito pa magkaroon, huwag naman sana! At saka po lahat siguro ng – palagay ko – lahat po ng pupunta doon especially those from first world, lahat po iyon bakunado. Nakakahiya naman kung hindi po tayo bakunado, iyong atin pong mga atleta.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, ulitin lang natin, kahit anong brand po ng bakuna ay tinatanggap o niri-recognize ng Japan?

REP. TOLENTINO: Yes. Kasabihan nga po, the best vaccine is the available vaccine, so wala po tayong pinipili.

USEC. IGNACIO: Opo. Tama po ba na first shot pa lang po na bakuna iyong natanggap ng ating nasa 700 athletes nitong nakaraan at kailan daw po inaasahang matatanggap nila iyong sa second dose on time bago po sila lumipad pa-Tokyo?

REP. TOLENTINO: Totoo po iyon. Tama po, naka-first dose lang, so after 28 or 30 days po ang second dose noon so abot pa naman po iyon sa Tokyo lalung-lalo na po doon sa Vietnam, bound for Vietnam, mas lalong abot po iyon. At saka nga po na-announce na rin po kahapon, pinayagan na rin po iyong mga remaining, iyon pong hindi po nakakuha last na nasa probinsiya, nasa abroad at iyon pong magna-national trials pa. At all the rest, iyon pong mga naiwan pang atleta natin na nasa national pool, makakasama na rin po sila sa second batch para naman po nakahanda na rin sila sa training at kapag nagkaroon po sila ng international tournament sa abroad.

USEC. IGNACIO: Opo. Congressman, alam naman po natin na mukha ring tinitingnan ding mabuti ng Japan iyong kanilang lagay ng COVID-19 situation. May agam-agam po ba na baka makansela ang Olympics and ano po ang plano ng POC sa ganitong scenario?

REP. TOLENTINO: Mayroon po sila doon na agam-agam pero kami po ng POC, especially IOC since we are part of IOC, kami, ang direksiyon po namin ay sana ay matuloy. Nananalangin po kami na sana matuloy po ito dahil, una, sobrang higpit po ng gagawing protocol ng Japan. Ngayon nga po kinansel na nga po iyong mga foreign spectator, so in-allow lang iyong local but local should be vaccinated or with PCR test. Kami nga po kapag umalis, 2 times ang PCR test then every 2 days PCR test pagdating po ng Japan.

Ang isa pong dahilan natin na sana po ay matuloy – para sa akin po, sa POC sana po ay matuloy – after a hundred years, baka naman ito po iyong best chance natin na magkaroon na tayo ng first ever gold medal. So sayang po iyong pagkakataon or else we'll gonna wait another 4 years sa Paris by 2024. So sayang po iyong preparasyon ng ating mga atleta.

USEC. IGNACIO: Opo. Kami po ay nakikiisa sa inyong goal na talagang makakuha tayo ng gold ano po, sir. Pero bukod po sa physical benefits ng bakuna sa mga atleta, sa palagay po ninyo ito po ba ay nakakadagdag din ng kumpiyansa psychologically sa kanila?

REP. TOLENTINO: Of course, of course. Nawala iyong agam-agam, na [may] additional protection of course sila. Hindi naman puwedeng porke't may bakuna na magpapabaya na. Iba na po iyong may additional protection. Imagine during the training period, mayroon pa pong natitirang more than a month – eh baka, huwag naman sanang mangyari – iba na po iyong may proteksiyon na dahil po sa bakuna.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero Sir, kumusta na po iyong lagay noong mga nabakunahan natin ng first dose? Wala po bang nai-report sa inyo na nagkaroon ng adverse effect? Kumusta na po sila ngayon?

REP. TOLENTINO: Wala naman po. Naiinip na nga po kami ng ano, iyong 28 days or 30 days para sa second dose. At saka nagbabantay na rin po iyong mga hindi nakatanggap, naghihintay na lang po kami ng date and schedule from IATF kung kailan po iyong second batch 'no.

USEC. IGNACIO: Opo. Congressman, sa ibang usapin naman po. Nagpatawag po kayo ng ceasefire sa pagitan ng Association of Boxing Alliances in the Philippines officials at ng top medal hope na si Eumir Marcial dahil sa batuhan nila ng mga akusasyon. So, ano po ang dahilan nito at ano ang naging tugon nila dito?

REP. TOLENTINO: Hindi na po siguro napapanahon na ngayon po maghalungkatan tayo kung sapat po ba ang binibigay na tulong ng gobyerno at ng pribado. At sa pagkaalam naman po namin, hindi naman po nagkukulang ng suporta ang ating pamahalaan at ang pribado sa mga tulong sa mga Olympic qualifiers natin. Kaya let's just focus on the Olympic preparation, sayang po eh, para hindi po masira iyong attention, iyong morale, lahat po. So, saka na po natin pag-usapan iyan kung talagang nagkulang – maybe post-Olympic issue.

USEC. IGNACIO: Opo. Punta naman po tayo sa Kongreso, Congressman Tolentino. Ang sabi po nila Senate President Tito Sotto na malabong maging batas ang Bayanihan 3 dahil 'di umano kapos na sa oras dahil mag-a-adjourn na ang Kongreso at hindi ito sertipikadong 'urgent' ng Pangulo. So, ano po ang masasabi ninyo dito?

REP. TOLENTINO: Wala pong magagawa dahil iyon po iyong schedule natin. One day left, tomorrow, then adjourn. Hindi na nga po talaga umabot. Pero in the absence of that, I think

nakahanda naman po iyong gobyerno dahil unang-una nai-extend naman po iyong Bayanihan 2 na malaki rin po ang tulong sa ating mamamayan.

USEC. IGNACIO: Opo. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagpapaunlak sa aming programa, Deputy Speaker and POC President Abraham 'Bambol' Tolentino. At kami po ay nakikiisa sa iyo na talagang maging matagumpay ang ating mga atleta dito sa Tokyo Olympics. Salamat po.

REP. TOLENTINO: Maraming salamat po, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Agad namang sinaklolohan ni Senator Bong Go at ng kaniyang outreach team ang mga nasunugan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Iginiit din ng senador ang kahalagahan ng modernisasyon ng Bureau of Fire Protection. Narito ang detalye:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Huwag po kayong bibitiw, magbabalik pa ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL BREAK]

USEC. IGNACIO: Nagbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH. Isa po sa pinakaapektado ngayong pandemya ay ang mga kababayan nating OFW na palabas na sana ng bansa para muling magtrabaho. Pero paano nga ba sila matutulungan ng pamahalaan na maprotektahan mula sa COVID-19 iyan at iba pang usapin tungkol sa mga Pilipinong manggagawa, pag-uusapan po natin kasama po si Secretary Silvestre Bello III ng Department of Labor and Employment. Magandang umaga po, Secretary!

DOLE SEC. BELLO: Magandang umaga po.

USEC. IGNACIO: Secretary, tuluy-tuloy po ang pagtulong ng DOLE sa pagpapauwi ng OFWs sa ngayon. Ilan na po iyong repatriated OFWs simula noong March 2020 at ilan rin po iyong nabigyan ng tulong sa ilalim ng AKAP Program?

DOLE SEC. BELLO: Hanggang kaninang umaga ang latest natin ay 562,000 ang ating mga OFW na napauwi natin at kapag sinabi nating napauwi, ibig sabihin nakarating na sila sa kanilang final destination, sa kanilang mga minamahal sa buhay.

USEC. IGNACIO: Secretary, para doon po sa mga kababayan natin nasa ibang bansa na nais lumapit sa inyo upang sila po ay makauwi rin, maaari po ba ninyong sabihin kung kanino at saan po silang maaaring lumapit?

DOLE SEC. BELLO: Kung nasaan man silang bansa, Usec., mayroon tayong 40 POLOs, meaning Philippine Overseas Labor Office. Kapag mayroon pong POLO sa kanilang bansa, ay doon po

sila lumapit sa ating labor attaché at kasama iyong kanilang welfare officer, ay sila ang tutulong sa pagri-repatriate sa ating mga kababayan. Kung wala pong POLO kailangan doon na sila sa Department of Foreign Affairs po.

USEC. IGNACIO: Secretary, magsisimula na ang vaccination sa mga nasa A4 priority list at kasama nga po rito iyong mga laborer. Sa tingin po ba ninyo, dapat ding isama iyong mga naka-work from home na empleyado sa A4?

DOLE SEC. BELLO: Iyong mga work from home workers ay kasama na rin sa A4. Kasi hindi naman nangangahulugan na kapag work from home sila ay hindi na sila pumupunta sa kanilang tanggapan, pumupunta pa rin sila, pero most of the time ay nasa bahay sila.

USEC. IGNACIO: Opo. May bilang ba kayo, Secretary, kung ilan itong mga naka-work-from-home sa A4 priority list?

SEC. BELLO: Dito sa Metro Manila Lang po, mayroon tayong about 16,000 plus po na work-from-home.

USEC. IGNACIO: Secretary, basahin ko lang po iyong tanong ni Tristan Nodalo ng CNN Philippines: In an interview you said that the government is studying daw po the proposal to allow OFWs to be deployed even if they only receive a single dose COVID-19 vaccine. So, ano na daw po ang status nito?

SEC. BELLO: Mukhang favorable ang action ng ating vaccine czar na si Secretary Galvez dahil nakita naman niya na ang ating mga OFWs kapag na-deploy sila kailangan nilang ma-vaccinate. Ngayon, ang problema kasi kapag ma-vaccinate iyan, pagdating sa ibang bansa kung saan sila nadestino baka hindi masunod iyong kanilang bakuna. So, ang suggestion ni Secretary Galvez at iyon ang ating sinusuportahan ay iyong ating mga OFWs lalung-lalo na iyong mga seafarers natin ay dapat na mabigyan ng one dose na bakuna. Mayroon namang ganoon eh, alam ko iyong Johnson & Johnson.

USEC. IGNACIO: Secretary, kung matutuloy man daw po ito, ano daw po, how will this benefit the OFWs?

SEC. BELLO: Well, kapag nabakunahan na sila ng one dose, that means okay na sila, tatanggapin na sila ng destination country. Hindi na sila dadaan sa swabbing at lalung-lalo na hindi na sila dadaan sa quarantine.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong pa rin ni Tristan Nodalo: Will host countries accept OFWs even if they only receive a single shot of COVID-19 vaccine?

SEC. BELLO: They will. They will accept them although ang problema diyan ay ipapa-swab sila at kailangan ika-quarantine sila.

USEC. IGNACIO: Opo. Since kasama na din daw po ang OFWs sa A4 priority list, isinusulong po ng ilang senador na magkaroon ng allocation for single dose vaccines sa mga OFWs dahil may ilang mga bansa na nga daw po ang namimili ng brand ng bakuna na papayagan sa mga foreign travelers. May pag-uusap na po ba ang DOLE with the IATF tungkol dito, Secretary?

SEC. BELLO: Mayroon po, mayroon po. In fact, iyan po ay suggestion ni Secretary Galvez, our vaccine czar and I'm supporting that na iyong ating mga OFWs who were categorized as A4, now they are categorized under A1 and that ang suggestion ni Secretary Galvez ay dapat one dose vaccine ang ibibigay sa kanila.

USEC. IGNACIO: Opo. Dagdag po na tanong ni Tristan Nodalo ng CNN Philippines: President Duterte has allowed seafarers to be vaccinated with western brand vaccine. What about daw po iyong land-based OFWs?

SEC. BELLO: Walang problema. Iyong vaccine na ibibigay sa ating seafarers are the same vaccines that will be given to our OFWs, because our seafarers are also OFWs. They're classified as sea-based and our other OFWs are classified as land-based.

USEC. IGNACIO: Opo. Lately naman po, Secretary, napag-usapan, iyong temporary suspension of deployment papuntang Kingdom of Saudi Arabia. Ano na po iyong mga naging guidelines na napag-usapan ng DOLE with KSA Government aside sa foreign employers na ang magbabayad po ng COVID-19 requirements ng OFWs? Kasama din po ba dito na kahit anong brand ng bakuna ng OFWs papayagan na sa Saudi, Secretary?

SEC. BELLO: Opo. Kahit anong brand basta nabakuna, puwede silang pumunta sila sa Saudi. Ang problema lang kung hindi iyong apat na klase na sinasabi na iyong Pfizer, iyong Moderna, iyong Johnson & Johnson, at saka mayroon pa, AstraZeneca yata eh kailangan kapag nabakunahan ka kapag hindi ho doon sa apat na klase ay kailangan pa ring ma-swab siya at maka-quarantine siya.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary—

SEC. BELLO: Iyon namang suspension ko noon eh sinuspend ko noon iyong deployment kasi mayroong institutional quarantine requirement na in-impose ng Saudi Government na kailangan ma-quarantine iyong ating mga OFW pagdating doon. Ang kuwestiyon ko kasi noon ay sino ang magbabayad? Kasi kawawa naman ang ating mga OFW, madi-deploy sila for two years lang tapos kailangan pang magbayad sila ng 3,500 na Saudi Riyal.

So, nag-suspend ako temporarily until maklaro. Fortunately, nagpadala sa akin ang Saudi Government ng kasulatan at sinasabi nila na ang magbabayad ng quarantine expense ay ang employer. On the basis of that agad-agad ay nag-ano ako, nag-lift. I lifted the temporary suspension po.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary—

SEC. BELLO: Heto na, bababa na ako kasi nandiyan na po si Senator Bong Go at may gagawin po kami. Puwede?

USEC. IGNACIO: Opo, Secretary.

SEC. BELLO: Okay?

USEC. IGNACIO: Opo.

SEC. BELLO: Opo, sige po.

USEC. IGNACIO: Sige, maraming salamat.

SEC. BELLO: Okay po. Thank you very much. Pasensiya na po.

USEC. IGNACIO: Secretary, maraming salamat po sa inyong panahon. Nauunawaan po namin na kayo po ay abalang-abala, salamat po. Si DOLE Secretary Silvestre Bello III. Magbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH—or puntahan na lang po muna natin ang ating mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service sa iba't-ibang bahagi ng bansa. Ihahatid po iyan ni Aaron Bayato ng PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming Salamat Aaron Bayato ng PBS Radyo Pilipinas; huwag po kayong bibitiw magbabalik pa ang Public Briefing #LagingHandaPH.

[COMMERCIAL BREAK]

USEC. IGNACIO: Pansamantala namang ipinatigil muna ang operasyon ng mga beach resorts sa Samal Island sa Davao Del Norte simula ngayong araw, ang detalye niyan ihahatid ni Jay Lagang ng PTV-Davao:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo Jay Lagang ng PTV-Davao. Mula naman po sa Davao magtungo tayo sa PTV-Cordillera magbabalita si Eddie Carta:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat Eddie Carta ng PTV-Cordillera.

Samantala kami po ay nagpapasalamat sa ating mga partner agency para po sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Muli po naming ipinapaala-ala na kahit may bakuna na ay patuloy nating sundin ang health and safety protocols - magsuot ng face mask at face shield, regular po na maghugas ng kamay at huwag lumabas ng bahay kung hindi naman po kinakailangan.

Maraming salamat din po sa pagsama ninyo sa amin ngayong umaga upang saliksikin ang mga napapanahong isyu sa loob at labas ng bansa.

Muli ako po si Usec. Rocky Ignacio mula sa PCOO, magkita-kita tayong muli bukas dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center